HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-16 NG AGOSTO, 1993 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamahala ng pulong |
| Kgg. Dolores S. Bago | - | Kagawad |
| Kgg. Rey T. Amparo | - | -do- |
| Kgg. Eduardo A. Buruanga | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Severino P. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Oscar C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - | Kagawad |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - | ABC Pangulo |
| Kgg. Ronald S. Rondael | - | SK Fed. President |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## ORDINANSA BLG. 93-08-050

### NAGTATADHANA NG MGA KAUTUSAN SA KALINISAN AT SANITASYON SA BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

Iniakda ni: Kgg. Oscar C. Familara
Pangulo: Komite para sa Kalusugan at Sanitasyon

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang lahat ay inaatasang sundin ang itinatadhana ng Batas hinggil sa sanitasyon gaya ng " PD 856 " at " General Order No. 13 " na nagtatadhana na ang lahat ng lote, bahay, o anumang gusali ay mapanatiling laging malinis ng may-ari o namamahala nito;

SEKSYON 2. Ang lahat ng bahay ay kinakailangang magkaroon ng sariling mga palikuran;

SEKSYON 3. Ang lahat ay inaatasang bakuran ang paligid ng loteng kinatitirikan ng kanilang mga bahay at ipinag-uutos pa ring magkaroon ng tig-iisang basurahang may takip sa loob ng bakuran;

SEKSYON 4. Ang kalahati ng mga pampublikong lansangan ay ipinag-uutos na linisan ng may-ari ng bahay na katapat nito;

SEKSYON 5. Sinumang lumabag sa kautusang ito ay mapaparusahan ng pagmumulta ng hindi bababa sa limampung piso (₱50.00) subalit hindi tataas sa limandaang piso (₱500.00) at pamimilanggo ng hindi bababa sa sampung (10) araw subalit hindi hihigit sa anim na pung (60) araw o alinman sa pagmumulta o pamimilanggo alinsunod sa kapasyahan ng hukuman;

SEKSYON 6. Ang lahat ng ordinansang kasalungat nito ay pinawawalang-bisa na;

Scanned with CamScanner

SEKSYON 7. Ang ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas;

ISINABATAS ngayong ika-16 ng Agosto, 1993 dito sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

KGG. DOLORES S. BAGO
Kagawad

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. EDUARDO A. BURUANGA
Kagawad

KGG. SENEN C. FAMILARA
Kagawad

KGG. SEVERINO P. BANTUGAN
Kagawad

KGG. OSCAR C. FAMILARA
Kagawad

KGG. ROSALINDA M. CABAGAY
Kagawad

SINAKSIHAN:

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan
Tagapamahala ng pulong

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SIXTO C. BARRIENTOS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng nilagdaann 9-6-93